


ANG Alamat ng Mariposa

Isinulat ni
Cepheus Quiñones


Inilarawan ni
Don Bryan Bunag

Winner of
CANVAS'
Romeo Forbes
Children's
Storywriting
Competition



Ang librong ito ay kay

This book belongs to



Karapatang-ari sa Pilipinas ©2022
ng
CANVAS - The Center for Art, New Ventures
and Sustainable Development

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Puwedeng ibahagi, kopyahin, at ipamigay ang naritong materyal sa anumang medium o anyo sa layuning hindi pangnegosyo, kung may angkop na pagpangalan at pagkilala na ibibigay sa CANVAS, ang tagapaglathala nito. Hindi pinapahintulutan ang anumang pagbabago, pagsisipi, o paglikha batay sa naritong materyal nang hindi nakukuha muna ang nakasulat na pahintulot ng CANVAS.

Para sa mga tanong, makipag-ugnayan:
CANVAS

*No.1 Upsilon Dr. Ext. cor. Zuzuarregui St.,
Old Balara, Quezon City, Philippines 1119
info@canvas.ph*

Unang limbag na hardcover, 2022

Unang inilathala sa Filipino na may salin sa Ingles

Inilathala ng CANVAS - The Center for Art, New Ventures and Sustainable Development

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

Isinulat ni Cepheus Quiñones

Iginuhit ni Don Bryan Bunag

Disenyo ng libro ni Kevin Candelaria

Salin ni Ergoe Tinio

Paglitrato ni Ocs Alvarez

Inilathala ang librong ito bilang bahagi ng One Million Books for One Million Filipino Children Campaign. Bilang bahagi ng kampanyang ito, nakikipagtulungan ang CANVAS sa lokal na mga manunulat at artista para makapaglathala ng mga librong pambata. Direktang ipinapamigay ang mga ito sa mga bata sa mga pampublikong aralan at maralitang komunidad sa iba't ibang lugar sa Pilipinas.

ANG Alamat ng Mariposa

Isinulat ni
Cepheus Quiñones

Inilarawan ni
Don Bryan Bunag



Walang nakakaalam kung saan siya nagmula. Isa siyang napakagandang dilag, lagpas-balikat ang buhok na sing-itim ng gabi. Lagi niyang kasama ang alagang puting kuwago.

No one knew where she came from. A beautiful woman with hair as black as night that went past her shoulders, she was always seen with her white pet owl.



Nakakapanindig-balahibo ang huni ng puting kuwago.
“Huuu, huuu.”

*A white owl's call sent shivers down one's spine.
“Hoot, hoot.”*



Walang nakakakilala sa kanya, pero dahil sa amo ng mukha niya ay tinawag siyang Maria ng mga tao bilang paghahalintulad sa mukha ng Mahal na Birheng Maria. Mahusay na manghahabi si Maria ng makikintab at magagandang tela ng sutla.

No one knew who she was, but her gentle face earned her the name Maria, after the Holy Virgin Mary whose face was like hers. Maria was a skilled weaver of bright and lovely fabrics of silk.



Pinaniniwalaan ng mga tao na may kapangyarihan ang telang makapagpagaling ng may karamdaman kapag ginamit ito bilang balabal o pangkumot sa maysakit. Sinasabing matapos magpagaling ay nawawala na ang kintab ng tela, tanda ng pagkawala ng angkin nitong bisa. Kung gayon, nagiging karaniwang tela na lamang ito.

The townspeople believed the fabrics had the power to heal when used as a shawl or blanket for the sick. It was said that after healing a person, the fabric lost its luster—a sign that it no longer had power and had turned into an ordinary piece of cloth.





Ang bulung-bulungan, isa raw engkantada si Maria na naninirahan sa kalapit na engkantadong kagubatan. Nakakatakot itong lugar kaya walang naglalakas-loob na pumasok dito. Dati raw itong lugar ng isang sinaunang pamayanan na inabandona at ngayon ay sinakop na ng kagubatan. Ganap nang nilamon ng naglalakihang puno ang mga guho.

In whispers, they said Maria was an enchantress who lived in the nearby enchanted forest. No one dared enter the ghostly woods. They said it used to be an ancient village, now abandoned and conquered by the wild. Towering trees have completely swallowed the ruins.



Isang araw, nagtitinda ng telang sutla si Maria sa bayan nang nasilayan siya ng isang makisig na manlalakbay. Agad na nabighani ang binatang manlalakbay na si Ponso at umibig sa dalaga.

One day, Maria was selling her silks in town when a handsome traveler set his eyes upon her. It was love at first sight for the traveler, Ponso.





Di nagtagal, nagpahayag ng pag-ibig ang binata na tinanggap naman ng dalaga. Nagpakasal sila at nagsama sa kubo ni Maria sa pusod ng engkantadong kagubatan.

Soon, the young man declared his love, and the young woman accepted. They got married and lived in Maria's hut in the middle of the enchanted forest.

Hitik noon ang gubat sa mayayabong at luntiang punò.
Nagsimulang malagas ang mga dahon at matuyo ang
mga puno dahil sa mga insektong sumakop at nanahan
sa kagubatan. Sa mga supot o bahay-uod ng mga
insekto kinukuha ng mag-asawa ang mga sutlang hibla
na ginagamit nila sa paghahabi ng tela.

*In those days, the woods were thick with lush green trees.
The leaves began to dry up and fall because of the insects that
came to the forest and lived there. From their cocoons, the
couple gathered the silken threads they used for weaving.*





Sa gabi, ang nakapangingilabot na huni ng puting kuwago ang tanging bumabasag sa katahimikan.

“Huuu, huuu,” huni ng puting kuwago.

At night, the silence was broken only by the chilling call of the white owl.

“Hoot, hoot,” called the white owl.

Sa loob ng maraming taon, namuhay ang mag-asawa nang payapa at tahimik. Pareho silang masipag at magkatuwang sa umuunlad nilang negosyo ng hinabing tela ng sutla. Si Maria ang tagahabi samantalang si Ponso naman ang tagadala ng mga tela sa bayan para ilako ito. Lubhang mabenta ang mga tela nilang sutla dahil sa kintab at ganda ng mga ito, kasama pa ang paniniwalang kaya nitong magpagaling ng may karamdaman.

For many years, the couple lived quietly and peacefully. They were both hard workers, partners in their growing business of woven silks. Maria wove the fabrics and Ponso brought them to town to sell them. The weaves were in demand because of their beauty and shine, not to mention the belief that they could cure the sick.





Papauwi si Ponso isang araw nang tambangan siya ng masasamang-loob na dayo sa kanilang bayan. Ninakaw ang perang napagbentahan at ang masaklap pa nito ay sinaktan si Ponso ng mga kawatan.

Ponso was on his home one day when wandering bandits stopped him in his tracks. They stole that day's earnings, and to make matters worse, the outlaws beat him up.

Nang hindi umuwi si Ponso ng gabing iyon, nagpasya si Maria na hanapin siya kinaumagahan. Natagpuan niya si Ponso na wala nang buhay sa paanan ng isang malaking tuod ng balete.

When Ponso did not make it home that night, Maria resolved to look for him the morning after. She found Ponso lifeless at a stump of a giant banyan tree.





Katuwang ang alaga niyang puting kuwago, mabilis siyang nagpasya na baluting parang bahay-uod ang labí ng asawa gamit ang mga hibla ng mahiwagang sutla. Buong ingat niyang binalot ng sutlang sinulid ang labí ng asawa.

With her white owl, she quickly decided to place her husband's remains in a cocoon, using the threads of the mysterious silk. She carefully covered her husband's body with silken weave.

Pagkayari, sarili naman ang binalutan ng
sutlang sinulid.

*When she was done, she likewise wrapped
herself with silk.*





Lumipas ang mga araw at tila naglahong parang bula ang mag-asawa. Dahil dito ay nangahas na ang mga tao na puntahan ang bahay ng mag-asawa sa pusod ng engkantadong gubat.

Days passed and it seemed as if the couple had vanished into thin air. The townspeople gathered their courage to visit the couple's home in the middle of the enchanted forest.



Ngunit wala silang nakita doon kundi ang dalawang malalaking bahay-uod na walang laman at dalawang malalaki at magagandang paruparo na laging magkasama sa paglipad-lipad. Tinawag nila ang dalawang paruparo na Maria at Ponso na kalaunan ay binigkas na lamang sa pangalang Mariposa.

But they saw nothing there, apart from two huge empty cocoons, and two large and beautiful butterflies who flew everywhere at each other's side. They called the two butterflies Maria and Ponso, and eventually, Mariposa.





Mula noon ay naging tanda na ang Mariposa ng muling pagkabuhay o pagbabagong-anyo. Kapag kabilugan ng buwan, madalas makita ang Mariposa na lilipad-lipad sa kagubatan. Tila ayaw ng pares na mahiwalay sa isa't isa. Tunay nga na kahit ang kamatayan ay hindi kayang tapusin ang pag-iibigan ng mag-asawang Maria at Ponso.

Since then, the Mariposa has been a symbol of rebirth or transformation. During fool moons, the Mariposa can often be seen flying around in the woods, an inseparable pair. Indeed, even death could not end the love between Maria and Ponso.



Tuwing gabi, binabasag pa rin ng nakakapangilabot na huni ng puting kuwago ang katahimikan ng engkantadong gubat.

“Huuu, huuu,” huni ng puting kuwago na para bang nagdadalamhati sa pagkawala ng kaniyang mga amo.

Every night, the silence would still be broken only by the chilling call of the white owl in the enchanted forest.

“Hoot, hoot,” the white owl would call, mourning the loss of its two masters.



Tungkol sa Awtor

Si **Cepheus I. Quiñones** ay nagtrabaho bilang computer specialist sa dating U.S. Naval Base sa Subic Bay na nagpadala sa kanya sa iba't ibang pagsasanay sa U.S. at Guam. Nang lisanin ng U.S. Navy ang Subic Bay, pumasok siya sa iba't ibang gawain, pinakahuli bilang legislative staff sa kongreso.

Nagtapos siya ng mga kurso sa Ingles at sosyolohiya, at naging Fellow sa Journalism ng UP College of Mass Communication.

Nagsanay siya sa Komisyon ng Wikang Filipino bilang tagasalin. Ngayon, nasa huling taon na siya ng pag-aaral ng abogasya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, at kasalukuyang paralegal staff sa isang law office.

Tungkol sa Ilustrador

Bilang bata, pinapanood ni **Don Bryan Bunag** ang pagdaan ng mga ulap sa hardin ng lola niya, kasama ang pusa niyang si Botbot at aso niyang si Shiro.

Noong 2014, nagtapos siya sa Bulacan State University ng bachelor's degree sa Fine Arts, major in Visual Communication. Nakapanalo na ng maraming premyong pansining, napili siya bilang grand prize winner sa 2015 Metrobank Art and Design Excellence.

Ngayon, isang interdisciplinary artist si Don at namumuhay at nagtatrabaho sa studio niya, kasama ang anim niyang pusa.

Natutuwa pa rin siyang manood ng mga ulap.



MORE BOOKS FROM CANVAS


Art and culture



RENATO BARJA'S CHILDREN'S STORIES
stories from some of Manila's children
Retelling by Daniel Palma Tayona and Gigo Alampay
Art by Renato Barja



WHY WORDS MATTER
poetic reflection and lyrical art
Text by Butch Dalisay
Art by Marcel Antonio



THE WEIGHT OF WORDS: AN ALPHABET OF HUMAN RIGHTS
an alphabet of human rights
Editing by CANVAS
Art by various artists




SILENT WITNESSES
anecdotes of Martial Law survivors
Retelling by Gigo A. Alampay
Art by Renz M. Baluyot

Community



A BRIDGE FOR SILAY
the legend of Talim Island's Devil Bridge
Retelling by Agay Llanera
Art by Ronson Culibrina



ANG AKLATANG PUSA
a story about a librarian and her cats
Story by Eugene Y. Evasco
Art by Jared C. Yokte




DAUGHTER AND THE GREAT FISH
a girl's quest to feed her village
Story by Loren Peria
Art by Jeho Bitancor




KAKATOK-KATOK SA BAHAY NI BENOK
a community saves itself through unity
Story by Mon Sy
Art by Faye Abantao

Environment and nature



MESSAGE IN THE SAND
a boy is determined to save the seas
Story by Charmaine Aserappa
Art by Roel Obemio



EARTH TALES: 3 ECO-FABLES FOR CHILDREN
three eco-fables for children
Stories by unknown authors
Art by Art by Ivey Olivares-Mellor, Piet Bolipata, Liza Flores



SI PONYANG AT ANG LIHIM NG KUWEBA
two friends discovering nature's wonders
Story by Melvin John B. Atole
Art by Sarah M. Geneblazo


Family



A FISH TALE
a tribute to the family we choose
Story by Becky Bravo
Art by Daniel dela Cruz



MY BIG SISTER CAN SEE DRAGONS
two sisters and their big imaginations
Story by Rocky Sanchez Tirona
Art by Liza Flores



IPAPASYAL NAMIN SI LOLO
a grandfather's trip down memory lane
Story by Renato R. Gojo Cruz
Art by Arvi Fetalvero



ANG ANGHEL NG SANTA ANA
a story about supporting one's sister
Story by Josephine de Dios
Art by Johanna Helmuth

Self-care and self-discovery



AGAWAN BASE
a bird's self-confidence takes flight
Story by Jez Martin De Veyra
Art by Jericho Moral



MY SUPER HANDS
part of a campaign on handwashing
Written by Annette A. Ferrer
Artworks by BLIC



MGA MUNTING PATAK NG ULAN
a child decides on a dream
Story by Jessica Luciano Olmedo
Art by Alec Garibay



I LIKE WEARING RAINBOWS
a boy sees himself in many colors
Written by Agay Llanera
Art by Lui Manaig



SILIM, PRINSESA NG DILIM
a diwata finds beauty in darkness
Written by Mark Joseph Bacho
Art by Luis Lorenzana

Activity Books



BENCAB'S ACTIVITY BOOK FOR CHILDREN
Activities written by Karen Joy Desamparado-Foronda
Art by Benedicto Cabrera



I AM THE CHANGE IN CLIMATE CHANGE
an activity book for young environmentalists
Written by Alyssa M. Peleo-Alampay, Ph.D.
Art by Ang I.N.K



I AM THE STORYTELLER
a storytelling activity book
Educational direction by Ana Maria Margarita Salvador
Art by various artists



KARAPAT DAPAT
an activity book on the rights of the child
Text by May Tobias-Papa
Art by I.N.K.



LOOKING FOR JUAN
an activity book about the Philippines
Activities by Annette A. Ferrer and Gigo A. Alampay
Art by John Paul Antido



MAMITA'S GARDEN: AN ACTIVITY BOOK
an activity book about plant care
Text by Nicolas Gabriel Garcia
Art by Pam Yan-Santos



SAFE SPACE
an activity book on internet safety
Text by Gigo Alampay
Design by Liza Flores, Abi Goy, Fran Alvarez, and Jamie Bauza



#YOUTHINK
a zine to combat fake news
Text by Gigo Alampay
Design by Studio Dialogo

More titles available at www.canvas.ph and www.lookingforjuan.com.

**The Center for Art, New Ventures
& Sustainable Development, CANVAS,**
a non-profit organization, works with the
creative community to promote
children's literacy, explore national identity,
and broaden public awareness of
Philippine art, culture, and the environment.



For more information about CANVAS,
and to learn how you can help and participate,
send an email to info@canvas.ph.



Learn more about us at
www.canvas.ph



Buy our books online at
www.lookingforjuan.com



CANVAS.PH



canvasph.art



Looking For Juan



lookingforjuan



CANVAS' 1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign

aims to inspire in children a love for reading
by donating its award-winning books to public schools, hospitals,
and disadvantaged communities throughout the country.

Imagine and believe.

A child with art and stories can change the world.

You can help us!

For more information, email info@canvas.ph,
visit our websites at www.canvas.ph or bit.ly/donatetocanvas,
or find us on social media:

**Facebook: Center for Art, New Ventures
and Sustainable Development (CANVAS.PH)**

Instagram: @canvasph.art

CANVAS, a non-profit organization,
works with the creative community to promote children's literacy,
explore national identity, and broaden public awareness
of Philippine art, culture, and the environment.



Sinasabing may kapangyarihang magpagaling ng sakit ang mga tela ng sutla.

Hinahabi ni Maria ang mga iyon, at si Ponso naman
ang nagtitinda sa bayan.

Pero ilang araw nang hindi nakikita ang mag-asawa.
Kailangang pasukin ng taumbayan ang
engkantadong gubat para hanapin sila.

Ano ang makikita nila doon?



CANVAS Stories. **Real Life Told Beautifully.**

CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community
to promote children's literacy, explore national identity,
and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.

For more information, please visit www.canvas.ph
or follow us at www.facebook.com/canvas.ph.



www.canvas.ph
A child with art and stories can change the world.

ISBN 978-971-9689-57-7



9 789719 689577